RECORDS FILES

RELEASED
DepED 7 JUN 2016
BY: NAME/SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 193, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas Na Paaralan
Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pansangay na Kumperensya sa Pagpapayaman ng Pampaaralang Pamahayagan**

Petsa: Hunyo 8, 2016

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng Pansangay na Kumperensya sa Pagpapayaman ng Pampaaralang Pamahayagan ngayong **Setyembre 30-Oktubre 1, 2016** sa Katipunan Central School. Ang tema ng Kumperensya ay ipaalam lamang pagdating ng *Regional Memorandum* ng Press Conference.

2. Ang Kumperensya ay naglalayong:
   a) napipili ang tatlong pinakamagaling o panalo para sa lahat ng kategoryang pang-isahan na maging kalahok sa panrehiyunal na Press Conference.
   b) nalilinang ang kasanayan sa panulat ng mga batang manunulat.
   c) naihanda ang mga kabataan sa pagiging mapagmatyag at maki-ayon sa daloy ng panahon.
   d) napipili ang *Top fifteen* na panalong pampaaralang pahayagan na maipadala para sa RSPC.

3. Ang mga kalahok sa Kumperensya ay mga Tagapayo ng pampaaralang pahayagan ng Elementarya at Sekundarya at mga batang manunulat ng mga paaralang may pahayagan. Ang mga kalahok ay naka-uniporme at suot ang ***school ID*** sa araw ng paligsahan.

4. Sisimulan ang gawain sa maikling pambukas na palatuntunan na susundan ng gagawing 30 minuto na oryentasyon para sa lahat na kalahok at pagkatapos ay direktang magkasabay na isasagawa ang paligsahan para sa lahat na kategorya (Elementarya at Sekundarya) sa iba't ibang silid-aralan na ihahanda para rito. Ang paligsahan ay tatagal ng isang oras at kalahati, depende sa tagahatol ng bawat kategorya at sa gawaing ibibigay ng mga tagahatol.

5. Ang mga piling Tagapayo ng Sekundarya ay ang magiging *proctors* para sa mga pampaligsahang silid-aralan ng mga kalahok ng Elementarya, samantalang ang mga piling Tagapayo ng Elementarya naman ang magsisilbing *proctors* para sa paligsahan ng Sekundarya.

6. Sa unang araw ng Kumperensya ay pipili ng pitong (7) pinakamagaling na manunulat sa sumusunod na walong Kategoryang pang-isahan: **a)** Pagsulat ng Lathalain **b)** Pagsulat ng Balita **c)** Pagsulat ng Balitang Pampalakasan **d)** Pagsulat ng Balitang Agham at Kalusugan **e)** Pagsulat ng Pangulong Tudling **f)** Paglalarawang Tudling **g)** Pagkuha ng Larawang Pamahayagan at **h)** Pagwawasto ng Sipi at Pag-uulo ng Balita. Isang kategorya lamang ang puwedeng salihan ng bawat kalahok.

7. Sa pangalawang araw (Oktubre 1, 2016) ay isagawa ang pagbibigay ng karagdagang pagsasanay ng tatlong panalo (top three) sa bawat kategorya, datapuwa't manatili sa venyu ng kumperensya ang 24 nanalo sa lahat na kategorya kasama ng kani-kanilang Tagapayo bilang koponan ng mga kalahok sa RSPC 2016.

8. Labinlimang (15) pinakamagaling na pampaaralang pahayagan ang pipiliin para sa bawat Kategoryang Pangkatan **a)** Pahinang Balita **b)** Pahinang Editoryal **c)** Pahinang Lathalain **d)** Pahinang Pampalakasan (Isports) **e)** Pahinang Agham at Pangkalusugan at **f)** Kategoryang Pag-aanyo at Disenyo ng Pahina.

9. Ang pagsumite ng walong kopya ng pampaaralang pahayagan para kunin ng mga tagahatol ay hanggang **Setyembre 20, 2016.**

10. Walang butaw o *registration fee* na hihilingin mula sa mga kalahok ng naturang palihan.

11. Ang pagkaantala ng klase sa loob ng dalawang araw ng *host school* ay inaasahang magagawan ng paraan ng *host principal* na mapalitan ang mga araw na ito.

12. May ihanda na *sleeping quarters* para sa mga kalahok na magmula sa malayong distrito. Kaya inaasahan na magsumite ang mga punungguro at magpaalam sa kinauukulan kung ilan ang kalahok nila at kung kani-kaninong mga kalahok ang magnais na matutulog doon sa nasabing paaralan upang maihanda ang lugar. Magdala ng sariling kagamitang pantulog. Puwedeng makipag –ugnayan kina Mr. Ernie Gurdiel ang *host* PSDS at Gng. Raiza Y. Intic, *ang host principal* para sa karagdagang kaalaman tungkol dito.

13. Ang gastusin sa *supplies and materials,trophy, medals, meals and snacks* para sa *50 working committee/officials/judges, stage decoration, sound system* at *honorarium* ng mga tagahatol (non-DepEd) at iba pang *incidental expenses* sa naturang gawain ay kukunin mula sa Division IN-SET Funds MDS – MOOE samantalang ang pagkain at pamasahe mula at pabalik sa lugar na pinanggalingan ng mga kalahok at Tagapayo ay magmula sa school publication funds/ PTCA funds/ SEF at iba pang pagkukunan ng pondo local ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

14. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.